



# BRAIN AND SPINAL INJURY CENTER

San Francisco General Hospital  
University of California at San Francisco

*“Isinusulong ang Kalusugan sa Pinsala sa Utak at Gulugod sa Buong Mundo”*

[www.brainandspinalinjury.org](http://www.brainandspinalinjury.org)

---

## **Pagpaplano sa Muling Pagbalik sa Paaralan para sa isang Bata na may TBI**

---

*ni Jean L. Blosser, Ed.D. at Roberta DePompei, Ph.D.*

Ang mga Mga Batas ukol sa Kaugnayan ng Publiko at Pamahalaan na 94-142, 99-457, at 101-476 ay mga halimbawa ng batas ng pamahalaan na nagtalaga ng parehong pananagutan sa mga pamilya at guro para sa paglahok sa pagpaplano ng programang pang-edukasyon para sa mga mag-aaral na mayroong pinsala sa utak na sanhi ng pisikal na puwersa (traumatic brain injury). Ang tungkulin ng pamilya ay hindi kailangang maging limitado sa mga gawain sa pagpaplano. Hinihikayat rin ang mga pamilya na tanggapin ang parehong pananagutan para sa pagpapatupad ng programang pang-edukasyon.

Binibigyang-diin ng artikulong ito ang makabuluhang paglahok na maaaring magkaroon ang mga pamilya ng mga batang may traumatic brain injury (TBI) sa proseso ng pagpaplano sa pag-aaral. Gumagawa ito ng mga partikular na pagrerekomenda ng mga hakbang na maaaring gawin ng mga pamilya. Matutulungan ng mga hakbang na ito ang mga magulang na matiyak na ang paglipat ng kanilang anak sa paaralan na setting kasunod ang paggaling ng katawan ay mabisa at mahusay.

Maaaring tumulong ang mga pamilya na magtakda ng katangian at kondisyon para sa pagtatatag ng isang pakikipagtulungan sa mga tauhan ng paaralan sa pamamagitan ng pagbibigay-alam ng kanilang ninanais para lumahok bilang *parehong* mga miyembro ng nagtutulungang proseso ng pagpaplano. Dapat itong gawin sa isang diwa ng pagtutulungan, kaysa sa isang magkasalungat na paraan.

Kung kinakailangan ng mga espesyal na estratehiya sa paglalagay sa angkop na lugar o pagtuturo upang matugunan ang mga pangangailangan ng bata sa paaralan na setting, dapat magkasamang magtrabaho ang pamilya at mga tauhan ng paaralan upang magtatag ng isang *planong pang-edukasyon para sa indibiduwal (individualized educational plan)*. Tinatawag itong *IEP* para sa mga bata na pumapasok sa paaralan at isang *IFSP (individualized educational family service plan)* para sa mga batang preschool. Kinakailangan ang isa o dalawang pagpupulong para buuin ang plano. Ang mga pagpupulong ay dapat daluhan ng mga pangunahing tao na mayroong kaalaman sa mga pangangailangan ng bata,

mga estratehiya sa pagtuturo na naaangkop para sa mga batang may TBI, at ang mga edukasyonal na pagkakataon at mga magagamit na mapagkukunan sa distrito. Kahit papaano, ito dapat ay mayroong kasamang miyembro ng pamilya, tagapangasiwa ng paaralan, isa o mahigit pang mga guro, at isa o mahigit pang mga espesyal na guro. Maaari rin naisin ng pamilya na magsama ng isang espesyalista sa rehabilitasyon o medikal na pamilyar sa mga problema ng bata sa medikal at hinggil sa pag-aaral.

Maaaring asahan ng mga pamilya ang mga guro na magdala ng mga resulta ng pagsusulit at mga rekomendasyon para sa paglalagay sa klase, mga pagbabagong pang-akademya, at mga ideya ng naaangkop na mga estratehiya sa pagtuturo sa mga pagpupulong para sa pagpapalano. Dapat maagang maghanda ang mga pamilya para sa pagpupulong, katulad ng ginagawa ng koponan ng edukasyon. Maaari silang maghanda sa pamamagitan ng pangangalap ng mga mahahalagang impormasyon tungkol sa kanilang anak batay sa mga medikal na talaan, kasaysayan ng pag-aaral bago ang pinsala, at mga ulat ng rehabilitasyon mula sa mga speech-language pathologist, occupational therapist, at mga physical therapist. Mabuti rin na maghanda ng isang listahan ng mga obserbasyon, interaksyon, karanasan, kutob, inaasahan, at mga layunin ng pamilya para sa kanilang anak. Maging handang talakayin ang sumusunod na apat na paksa sa panahon ng mga pagpupulong para sa pagpapalano:

**Paksa 1: Ang likas na katangian ng traumatic brain injury (TBI) ng inyong anak, ang mga magreresultang paghina, at ang maaaring maging epekto ng mga paghina sa pag-aaral at pagganap sa pakikisalamuha.**

Dagdagan ang pag-unawa ng koponan ng edukasyon sa TBI at ng bata sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga nakalistang paksa sa ibaba. Maaaring makuha ang impormasyon na ito mula sa mga nakasulat na ulat at talakayan sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, at rehabilitasyon na nakipagtulungan sa inyong anak:

- Ang lawak ng pinsala ng bata
- Ang kasalukuyang kalagayang medikal, panlipunan, hinggil sa pag-uugali, at pag-unawa at pakikipag-usap ng bata
- Mga natitirang kalakasan at kahinaan
- Mga bahagi ng kakayahan sa pagganap na humina, at kung paano makakaapekto ang mga ito sa pagganap sa silid-aralan.

Ang mga propesyonal sa rehabilitasyon ay kadalasan sumusulat ng mga ulat na naglalarawan sa lawak ng kahinaan ng bata nang hindi isinasaalang-alang ang sitwasyon sa pag-aaral. Humiling ng direktang impormasyon tungkol sa kung paano makakaapekto ang bawat naitalang problema sa setting ng silid-aralan, halimbawa, ang isang ulat na nagsasabi na mabagal ang panahon ng pagproseso ng bata ay hindi makakatulong kaysa sa isa na nagsasabing *maaaring kailanganin ng*

*bata ang karagdagang oras para makumpleto ang mga takdang-aralin o para sagutin ang isang tanong sa klase dahil sa isang mabagal na kakayahan sa pagproseso ng impormasyon.*

**Paksa 2: Ang mga inaasahan at layunin ng pamilya para sa bata, at ang kanilang mga pagkabahala at alalahanin hinggil sa paglalagay sa paaralan, ang akademikong programa, at mga espesyal na serbisyo.**

Ipagbigay-alam sa koponan ng pagpapalano sa pag-aaral ang mga ikinababahala at alalahanin ng inyong pamilya hinggil sa paglalagay sa paaralan, programang pang-akademya, at mga serbisyo ng therapy sa bata. Siguruhin na matatalakay ang mga sumusunod na paksa:

- Ang pinakamataas na mga inaasahan ng pamilya para sa bata
- Mga ideya kung paano maaaring pumili ng tauhan at programang pang-edukasyon na naaangkop sa mga pangangailangan ng bata
- Mga paglalarawan sa kung paano nakaapekto ang pinsala sa bata, pamilya, at ang mga plano ng lahat sa hinaharap.
- Ang antas ng karanasan ng pamilya sa sistema ng espesyal na edukasyon
- Mga pag-aambag na magagawa ng pamilya upang ipatupad ang proseso ng edukasyon
- Iba pang mga problema at mga umiiral na sitwasyon ng pamilya na maaaring makaapekto sa plano sa pagbalik sa paaralan
- Mga ideya hinggil sa uri ng mga espesyal at pansuportang serbisyo na kinakailangan at kung gaano karaming therapy (physical, occupational, speech o language) ang maaaring kailanganin sa loob ng isang araw sa paaralan

Siguruhin na naiintindihan na ang therapy ay dapat ibatay sa mga pangangailangang pang-edukasyon at na ang mga therapy ay hindi karaniwang nagpapatuloy sa mga antas na ibinigay ng mga setting na medikal at pang-rehabilitasyon (halimbawa, physical therapy na dalawang beses araw-araw). Isipin rin na ang therapy ay maaaring kunin ang mahalagang oras ng bata sa silid-aralan at pakikisalamuha. Ang talakayan hinggil sa pinakamabuting *pangkalahatang* plano para sa edukasyon ay dapat maghatid ng isang kasunduan para sa lahat ng serbisyo.

Maging handa sa pagtalakay sa interes at mga kakayahan ng pamilya para sa pakikipagtulungan sa paaralan. Ipahayag ang pagsang-ayon na tanggapin ang bahagi ng pananagutan para sa pagpapatupad ng IEP o IFSP. Pumayag na kusang-loob na gawin ang mga itinakda at gawin ang mga estratehiya sa pagtuturo na inirekomenda sa mga pagpupulong para sa pagpapalano. Linawin ang partikular na tungkulin na handang akuin ng lahat ng indibiduwal. Hikayatin ang koponan na bigyan kayo ng impormasyon, mga mapagkukunan, at mga materyales na makakatulong sa inyong isakatuparan ang inyong mga pananagutan.

Ang iba't-ibang mga miyembro ng pamilya ay maaaring pumayag o hindi pumayag na sumali sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon na ginawa sa panahon ng proseso ng IEP. Ang ilang mga miyembro ng pamilya ay maaaring may mga kakaibang kakayahan o talento na nagpapahusay sa kanilang paglahok. Maaaring limitado ang kakayahan ng iba na lumahok dahil sa mga personal na kadahilanan o limitasyon. Ang mga miyembro ng pamilya na hindi kayang akuin ang mga pananagutan ay kailangan sabihin ito nang malinaw, upang maiwasan sa kalaunan ang mga hindi pagkakaunawaan sa mga miyembro ng koponan ng edukasyon.

**Paksa 3: Mga mapagkukunan at mga estratehiya sa pagtuturo na kinakailangan upang tulungan ang bata na maabot ang pinakamataas na potensyal.**

Hikayatin ang pagtalakay sa mga estratehiya at mapagkukunan na kilalang makakatulong sa mga mag-aaral na may TBI. Ang mga miyembro ng koponan ng edukasyon, habang marahil ay hindi pamilyar sa mga espesyal na pangangailangan ng mga batang may TBI, ay mas may kakayahan sa paggawa ng mga gawain sa pag-aaral sa loob ng isang silid-aralan. Sila ay mga eksperto sa paggamit ng iba't-ibang mga paraan ng pagtuturo. Sa pamamagitan ng pag-alam sa mga paraan na nakatulong sa bata sa ibang mga sitwasyon, makakagawa ang mga guro ng mga kinakailangang tulong sa loob ng kanilang mga silid-aralan. Ang pagbabahagi ng mga mapagkukunan sa pamilya at mga miyembro ng koponan ng edukasyon ay maaaring makatulong sa pagbuo ng naaangkop na paraan para sa bata. Ang isang listahan ng mga paksa na maaaring magpasimula ng talakayan sa bahaging ito ay makikita sa likuran ng artikulong ito.

**Paksa 4: Ang kaayusan ng lokal na distrito ng paaralan, ang mga kakayahan ng distrito sa pagbibigay ng mga kinakailangang serbisyo, at ang mga pamamaraan para sa paggawa ng mga pagtatanong, pagpapahayag ng mga kinakailangan, at pag-access sa mga serbisyo.**

Malaman kung paano gumagana ang sistema ng edukasyon, kasama ang mga kinakailangan sa espesyal na edukasyon, paglalagay sa angkop na lugar, at pagpapalano. Maaaring makuha ang impormasyon na ito mula sa mga punong-guro, psychologist ng paaralan, o mga direktor ng espesyal na edukasyon sa inyong distrito ng paaralan, o mula sa mga panlalawigang resource center para sa espesyal na edukasyon na itinalaga sa bawat estado. Ang bawat departamento ng espesyal na edukasyon ng estado ay mayroon rin pamphlet na nagpapaliwanag sa proseso ng IEP na ipapadala nito sa sulat nang libre kapag humiling nito.

Hindi maaaring asahan ng mga pamilya na lumahok nang pareho sa proseso ng muling pagbalik nang wala ang impormasyon na ito. Kung mayroon kayong mga tanong hinggil sa proseso ng paglalagay sa angkop na lugar at pagpapalano, isulat

ang mga ito para itanong sa pagpupulong ng IEP. Mayroong makikitang checklist sa dulo ng artikulong ito na maaaring gamitin ng mga koponan ng edukasyon at mga pamilya kapag naghahanda para sa paglipat sa paaralan at para sa pagiging kabilang ng kanilang anak sa lahat ng pagkakataon sa paaralan.

## **Buod**

Bilang mga miyembro ng pamilya, maaari kayong gumanap ng mahalagang tungkulin sa pagpapalano para sa muling pagbalik ng inyong anak sa paaralan. Mayroon kayong mahalagang impormasyon tungkol sa inyong anak na makakatulong sa paggawa ng mga desisyon tungkol sa mga paglalagay sa angkop na lugar at para sa pagsasakatuparan ng naaangkop na edukasyonal na pamamagitan. Maaari kayong gumanap ng isang mahalagang tungkulin sa proseso at maging isang masugid at malugod na tinatanggap na mga miyembro ng koponan.

---

# Halimbawang Mga Estratehiya sa Pagtuturo para sa Mga Mag-aaral na may TBI

---

*ni Jean L. Blosser, Ed.D. at Roberta DePompei, Ph.D.*

1. Makipagtulungan sa mag-aaral sa maliit na grupo upang mapagana ang atensiyon ng bawat indibiduwal.
2. Dagdagan ang mga nakasulat na instruksiyon ng mga nakasulat na paliwanag.
3. Dahan-dahang ipakita ang impormasyon at mga bagong konsepto; magbigay ng sapat na oras para sa pagproseso ng pandinig at paningin.
4. Iwasan ang wika na mahirap maintindihan (tulad ng paggamit ng salita na iba ang aktwal na kahulugan, pabirong salita na nakakalito, idyoma) kapag nagsasabi ng mga mahalagang instruksiyon.
5. Magtalaga ng simple, maikli, paulit-ulit na mga gawain kapag nagtuturo ng mga bagong konsepto.
6. Ulitin pa ng isang beses ang mga instruksiyon.
7. Magbigay ng tanong mula sa "ano", "sino", "saan", kailan", at "alin" para magbalangkas ng mga gawain sa pag-unawa sa pagbabasa.
8. Bigyang-kahulugan muli ang mga mahalagang bokabularyo at salita
9. Samahan ang mga takdang-aralin ng mga nakasulat na instruksiyon at mga halimbawa kung paano makukumpleto ang mga gawain. Halimbawa, gumamit ng "larawan ng araw" na nagpapakita sa takdang-aralin sa gitna nito. Ipakita kung "sino" ang gumawa ng takdang-aralin na ito, "kailan" ito dapat ipasa, at "saan" ito isusumite sa mga "sinag"
10. Pumili ng isang responsableng mag-aaral bilang isang "katuwang sa silid-aralan" upang tulungan ang mag-aaral kapag nalilito o mayroong mga problema.
11. Pahintulutan ang paggamit ng mga tape recorder, calculator, typewriter, at computer.
12. Gumawa ng mga sistematikong paraan para sa pagpapanatili ng kaayusan at pagsunod sa mga karaniwang ginagawa sa silid-aralan.
13. Gumawa ng isang karagdagang panahon sa pag-aaral kasama ang isang itinalagang kawani. Matutulungan kayo ng kawani na ipakilala ang mga bagong konsepto o magsanay ng mga gawain sa pamamagitan ng pagtuturo.
14. Bigyang-diin ang mga proseso sa paglutas ng problema at mga estratehiya sa pagganap.
15. Ayusin ang kapaligiran ng silid-aralan upang matugunan ang mga espesyal na pangangailangan: bawasan ang mga nakakagambalang nakikita o naririnig o ang pangangailangan ng paggalaw.
16. Hikayatin ang pagtalakay sa mga problema. Mag-iskedyul ng mga patigil-tigil na oras sa buong araw para sa pagpapahayag ng damdamin at pahinga.

17. Isali ang mag-aaral sa gawain ng mga grupo, at hikayatin ang pagsali sa mga karagdagang programa sa paaralan upang padaliin ang pakikisalamuha ayon sa angkop na edad.
18. Maghanap ng tauhan na pumapayag na umunawa at gumawa ng mga pagsusumikap para tulungan ang mag-aaral kung kailangan.
19. Bumuo ng mga sitwasyon para sa aktwal na pag-aaral kung saan matututo ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng paglahok.
20. Bumuo ng kalayaan sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga mag-aaral na subaybayan ang kanilang sariling pagganap sa pamamagitan ng pagguhit, pagtuturo sa sarili, at pagsasalita mag-isa.



# BRAIN AND SPINAL INJURY CENTER

San Francisco General Hospital  
University of California at San Francisco

*“Isinusulong ang Kalusugan sa Pinsala sa Utak at Gulugod sa Buong Mundo”*

[www.brainandspinalinjury.org](http://www.brainandspinalinjury.org)

---

## Pagbalik sa Patuloy na Paglalaro

---

**Pinaka-umpisa (Hakbang 0):** Bilang pinaka-umpisang hakbang sa Pagbalik sa Patuloy na Paglalaro, kailangan kumpletuhin ng atleta ang pagpapahinga ng katawan at pag-unawa at hindi makakaranas ng mga sintomas ng pinsala sa ulo para sa pinakamababang 24 na oras. *Tandaan, mas bata ang atleta, mas maingat ang paggamot.*

**Hakbang 1:** Magaan na Pisikal na Ehersisyo Ang Layunin: para lamang pataasin ang tibok ng puso ng atleta. Ang Oras: 5 hanggang 10 minuto. Ang Mga Gawain: mag-ehersisyo sa pamamagitan ng pagbibisikleta, paglalakad, o magaan na pagtakbo. Ganap na walang pagbubuhat, pagtalon o matinding pagtakbo.

**Hakbang 2:** Katamtamang Ehersisyo Ang Layunin: limitadong paggalaw ng katawan at ulo. Ang Oras: Binawasan mula sa karaniwang ginagawa Ang Mga Gawain: katamtamang pagtakbo, maikling pagtakbo, katamtamang pagbibisikleta sa nakapirming posisyon, at katamtamang pagbubuhat.

**Hakbang 3:** Ehersisyo na Walang Kontak Ang Layunin: mas matindi nguni't walang kontak Ang Oras: Malapit sa Karaniwang Ginagawa Ang Mga Gawain: pagtakbo, matinding pagbibisikleta sa nakapirming posisyon, ang karaniwan at regular na pagbubuhat ng manlalaro, at mga pagsasanay sa sport na walang kontak. Ang yugtong ito ay maaaring magdagdag ng pagsasanay sa ilang bahagi ng pag-unawa bilang karagdagan sa pisikal at paggalaw na bahagi na ipinakilala sa Hakbang 1 at 2.

**Hakbang 4:** Magsanay Ang Layunin: Bumalik muli sa may ganap na kontak na pagsasanay.

**Hakbang 5:** Paglalaro Ang Layunin: Bumalik sa kompetisyon

Mahalagang maingat na subaybayan ang mga sintomas at paggana ng pag-unawa sa panahon ng bawat nadagdagan na pagsusumikap. Dapat lamang magpatuloy ang mga atleta sa susunod na antas ng pagsusumikap kung hindi sila nakakaranas ng



mga sintomas sa kasalukuyang antas. Kung babalik ang mga sintomas sa anumang hakbang, dapat itigil ng atleta ang mga gawain na ito dahil maaaring isa itong - palatandaan na masyadong nagpipilit ang atleta. Kapag natapos na ang karagdagang pahinga, at kapag hindi na muli nakakaranas ng mga sintomas ang atleta para sa pinakamababang 24 na oras, maaari na siyang magsimula muli sa nakaraang hakbang kung saan naranasan ang mga sintomas.